



**Ni Pangulong Russell M. Nelson**

# Ang Pinakadakilang Kapangyarihan

Ilang taon na ang nakalipas, binisita namin ni Sister Nelson ang Samoa, Tonga, Fiji, at Tahiti. Bawat isa sa mga islang bansang iyon ay nakaranas ng mga matinding pag-ulan nang ilang araw. Ang mga miyembro ay nagdasal na maprotektahan laban sa ulan ang kanilang mga miting sa labas.

Sa Samoa, Fiji, at Tahiti, *nagsisimula pa lamang* ang mga miting ay huminto na ang ulan. Pero sa Tonga, *hindi* tumigil ang ulan. Gayunman 13,000 na matatapat na Banal ang dumating nang maaga para makakuha ng upuan. Matiyaga silang naghintay sa malakas na pagbuhos ng ulan. Pagkatapos ay naupo sila na basang-basa sa miting.

Nakita namin ang malaking pananampalataya ng bawat isa sa mga taga-islang ito—pananampalataya na patigilin ang ulan at pananampalataya na magpatuloy kapag hindi huminto ang ulan.

Ang mga hamon sa ating buhay ay hindi palaging nagbabago sa paraan at panahong gusto natin. Ngunit *palagi* tayong tutulungan ng ating pananampalataya na sumulong. Tutulungan kayo ng inyong pananampalataya na gawing pagkakataon na umunlad ang mga hamon sa buhay.


Ang pananampalataya kay Jesucristo ang *pinakadakilang kapangyarihang* matatamo natin sa buhay na ito. Ang lahat ng bagay ay posible sa kanila na nananampalataya. ●

*Hango sa "Christ is Risen; Faith in Him Will Move Mountains,"* Liahona, Mayo 2021, 101–4.



# Pagpapalago ng Iyong Pananampalataya

Tulad ng matutulungan natin ang isang binhi na lumago sa pamamagitan ng pagbibigay dito ng sikat ng araw, tubig, at matabang lupa, may magagawa tayong mga bagay para tulungang lumago ang ating pananampalataya! Kulayan ang bawat bahagi ng larawan at basahin kung ano ang magagawa mo para mapalakas ang iyong pananampalataya.




MGA PAGLALARAWAN NI LISA HUNT